ANNEX T

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, **VALERIE AGUILAN**, Filipino, 28 taong gulang, nakapiit sa Manila City Jail Female Dormitory, matapos na makapanumpa ng naaayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako ay kasalukuyang nakakulong sa Female Dormitory ng Manila City Jail dahil sa kasong isinampa laban sa akin ng mga pulis sa paglabag umano ng RA 9165.

2. Gawa-gawa lang at walang katotohanan ang ibinibintang laban sa akin ng mga pulis. Ginawa nila ito para hindi ko maireklamo ang pagpatay nila sa aking kinakasama na si Ryan Eder. Ikinulong ako noong Agosto 28, 2016 at hanggang ngayon, nandito pa rin ako sa Manila City Jail.

3. Natapos po ang aking kontrata sa bansang Saudi Arabia bilang OFW kung kaya't nagkaroon ako ng pagkakataon na makabakasyon sa Pilipinas at makasama si Ryan sa aming tirahan habang pino-proseso ang aking panibagong kontrata sa bansang Taiwan. Hindi ko po inaasahan na sa aking pag-uwi, makararanas ako ng matinding dagok at paghihirap sa buhay.

4. Noong gabi ng Agosto 27, 2016, natutulog kami ni Ryan sa 3rd floor ng aming bahay sa 1661 Estrada St., San Andres Bukid, Maynila. Ang kapatid ni Ryan na si Angel Eder, ang kinakasama niya na si Raymund Salvador at ang baby nila ay natutulog sa 2nd floor.

5. Bandang alas dos ng madaling araw ng Agosto 28, 2016, nagising kami ng mga kaluskos na akala namin ay mga daga sa kisame. Kami ay nagsimulang mangamba nang hindi tumigil ang mga tunog. Ilang sandali pa, nagulantang kami sa biglang pagbukas ng pinto ng aming kuwarto at pagpasok ng dalawang lalaki na naka-sibilyan at may suot na itim na maskara. Pareho silang may dalang maiksing baril.

6. Itinutok ng isang lalaki ang kayang baril kay Ryan. Ang kasama nitong lalaki ay lumuhod at itinutok ang kanyang baril sa akin. Napabalikwas kami ni Ryan sa kama. Napasigaw si Ryan ng "Ay!"

7. Takot na takot kaming dalawa ni Ryan sa mga sandaling iyon. Nagmamakaawang sinabi ni Ryan sa mga armadong lalaki: *"Ay Sir, susuko po ako Sir! Hindi ako lalaban! Maglulubad ako Sir!"* Sinimulang hubarin ni Ryan ang kanyang suot na puting t-shirt at gray at orange na basketball shorts para ipakita na hindi siya lalaban at wala siyang ikinukubli sa katawan. Sa unang pagkakataon, nagsalita ang isa sa mga armadong lalaki. Inis at pasigaw niyang sinabi: *"Huwag ka nang maglubad!"*

8. Ako ay iyak ng iyak. Paulit-ulit kong sinasambit: *"Kuya, huwag po!"* Bumaling sa akin ang lalaki na nakatutok ng baril kay Ryan at sinabihan ang kanyang kasama na nakatutok ang baril sa akin: *"Dalhin na 'yan sa ibaba."* Hinawakan ako sa kamay ng lalaki na nakatutok ang baril sa akin at hinila ako papalabas ng kuwarto.

9. Bago ako tuluyang mahila ng lalaki, nahawakan ko ang aking cellphone na nakalapag sa kama at nadala ko ito. Nang makita ni Ryan ang marahas na paghawak sa akin, siya ay napabulalas: *"Ay Sir, huwag 'nyo pong saktan si Valerie!"*

10. Tuluyan akong hinila papalabas ng pintuan at pababa sa makitid na hagdanan ng lalaking tumutok ng baril sa akin. Nakababa na kami sa unang palapag nang marinig namin ang dalawang malakas na putok ng baril mula sa ikatlong palapag. Lalong sumidhi ang takot na aking naramdaman.

11. Sa unang palapag, bumungad sa aking paningin ang lima (5) hanggang anim (6) na kalalakihan na naka-uniporme ng pulis. Hindi tumigil ang lalaking humila sa akin at dali-dali niya akong inilabas ng bahay at isinakay sa police car sa kalsada tapat ng tapsilogan. Humahagulgol kong sinabi sa kanya: *"Kuya, bakit ninyo ginagawa ito? Magte-training pa naman na ako bukas. Diyos ko po, Diyos ko po!"*

12. Sakay ng police car, dinala ako sa Manila Police District Station 6 sa Sta. Ana, Maynila. Nakarating kami roon bandang alas tres ng madaling araw. Inilagay ako ng mga pulis sa Investigation Room. Doon, gamit ang aking cellphone, tinext ko ang nanay ni Ryan na si Bella Eder. Ganito po ang pinadala kong text: *"Tita, punta ka dito sa presinto, kinuha ako ng mga pulis!"* Pinadalhan ko rin si Angel Eder, ang kapatid ni Ryan, ng kaparehong text.

13. Pasado alas tres ng madaling araw, dumating ang nanay ni Ryan na si Bella Eder sa Investigation Room. Dinala rin sa Investigation Room sina Angel at Raymund karga-karga ang kanilang sanggol na anak na si Faye.

14. Makalipas lamang ng ilang sandali, dumating din sa Investigation Room ang pinsan ni Ryan na si Mariel Supnet, at mga magulang ni Raymund na sina Russel at Marie Salvador. Kaming lahat ay nagyakapan, nag-iyakan at nag-usap-usap.

15. Bandang alas singko ng umaga, nagpasya nang umuwi sina Angel at Raymund dahil hindi tumitigil sa pag-iyak ang kanilang walong buwang sanggol na anak. Sumama na rin sa pag-uwi ang mag-asawang Russel at Marie Salvador. Walang pumigil sa kanila na umalis. Naiwan sina Bella Eder at Mariel Supnet upang samahan ako.

16. Makalipas ang ilang sandali, lumapit sa amin ang isang tomboy na pulis na nakilala namin paglaon bilang si Joseline Samson. Sabi po niya sa amin: "Ah, tatlo kayo. Halina kayo, interbyuhin ko lang kayo, sumunod kayo sa akin."

17. Dinala kaming tatlo ni Joseline Samson sa opisina ng Special Anti-Illegal Drugs (SAID) sa likod ng presinto. Isa-isa niyang kinuha ang aming pangalan, tirahan at iba pang personal na impormasyon. Nagtaka at natakot kami nang isa-isa niya kaming pinapasok sa banyo ng SAID at pinaghubad sa kanyang harapan at kinapkapan.

18. Kinuha ni Joseline Samson ang mga cellphone naming tatlo. Saka lamang niya kami pinasuot muli ng aming mga damit. Nag-iiyakan kaming tatlo sa takot at pangamba. Hindi

ipinaliwanag ni Joseline Samson kung bakit niya kami dinala sa opisina ng SAID, kinapanayam, pinaghubad at kinapkapan. Ang sabi lamang niya sa amin: *"Dito muna kayo pansamantala."*

19. Nagulantang kami nang pinosasan ako at sina Bella Eder at Mariel Supnet at pinasakay sa police car. Dinala kami sa ospital at pina-medical examination. Pagkatapos ng medical examination, dinala kami pabalik sa Police Station 6 at tuluyan nang ipinasok sa kulungan ng mga babae.

20. Kinabukasan, bandang alas dose ng tanghali, inilabas kaming tatlo nina Bella Eder at Mariel Supnet mula sa kulungan at dinala sa isang kuwarto sa loob din ng presinto. Sa kuwarto, may mesa kung saan nakalapag sa ibabaw ang iba't ibang baril at mga plastic sachet na may laman na puting pulbo. Sinabihan kami ng mga pulis na tumayo sa may mesa para kuhanan ng picture. Paliwanag nila: *"Kunwari lang na picture ito. Ilagay lang natin ang mga ito."* Pagkatapos kaming kuhanan ng picture, ibinalik kami sa kulungan.

21. Bandang alas otso ng gabi, muli kaming inilabas ng kulungan at isinakay sa police car. Habang nasa biyahe, binilinan kami ng mga pulis na kung may tanungin sa amin sa aming pupuntahan, umoo na lang kami ng umoo.

22. Dinala kami sa tanggapan ni Fiscal Harry Allan Cruz. Dala ng matinding takot, hindi na kami umimik sa anumang tinanong o sinabi pa ni Fiscal Cruz. Pagkatapos ng pagtatanong, ibinalik na kami sa kulungan.

23. Gulong-gulo ako kung bakit ako sinampahan ng kaso. Wala kaming ginawang masama. Natutulog lang kami sa bahay. Hindi ko maintindihan kung bakit ganito ang ginawa sa amin ng mga pulis.

24. Hiningian kami ng pera ng isa sa mga pulis – si PO1 Efren G. Guitering – para sa paglaya ko. Kinikilan niya ng Php 30,000 ang mga magulang at kamag-anak ko nang sila ay dumalaw sa Police Station 6. Nakuhanan ito ng video ng aking pinsan na si Cynthia Mabatan.

25. Kinasuhan kaming tatlo – ako, si Bella Eder at Mariel Supnet – ng paglabag sa RA 9165. Pero ang katotohanan ay nag-imbento lang sila ng kwento na nagbebenta daw kami ng droga at may naganap na "buy-bust operation." Nakalagay ito sa Joint Affidavit ng mga pulis tungkol sa nangyaring insidente.

26. Makikita sa Joint Affidavit ng mga pulis ang kanilang pagsisinungaling. Sinabi nilang nanlaban si Ryan kaya nila ito pinatay, ngunit makikita sa "Receipt/Inventory of Item/s of Property Seized" na walang baril na nakuha mula kay Ryan. Taliwas ito sa sinabi nila sa Joint Affidavit na si Ryan daw ay bumunot ng baril kaya sila napilitang paputukan si Ryan.

27. Klaro din na nagsisinungaling sila dahil makikita sa kwarto namin na maliit lamang ito, at hindi maaaring magkasya ang anim na tao at magkaroon ng barilan. Sadyang binaril lang nila at pinatay si Ryan. Hindi ito nanlaban.

28. Klaro din na nagsisinungaling sila dahil may nakuha kaming kopya ng CCTV footage ng barangay na makikitang hindi totoo na pumasok ng bahay ang isang "confidential informant" at isang pulis. Makikita sa CCTV na marami silang sabay-sabay na pumasok.

29. Natatakot ako sa kayang gawin ng mga pulis sa akin at sa aking pamilya. Kung kaya nilang pasukin ang bahay namin, mag-imbento ng mga kaso laban sa amin, at kung anu-ano pa, hindi ko na maramdaman na ligtas pa ako sa kahit anong panganib.

30. Dahil sa pag-aresto at pagsasampa ng kaso ng mga pulis sa akin, sa nanay ni Ryan at sa pinsan ni Ryan bagaman wala sila sa lugar kung saan naganap ang insidente, naiisip ko na ginagamit nila ang pagsampa ng mga kaso laban sa pamilya ng mga pinapatay nila para madiin kami, ipitin kami at matakot kaming magsampa ng mga kaso laban sa kanila.

31. Dahil dito, kami ay natatakot sa kung ano ang pwedeng gawin ng pulis sa amin. Kung kaya't ako ay kasama sa naghain ng petisyong ito at ang sinumpaang salaysay na ito ay aking ginawa para patunayan ang mga pangyayari noong araw na iyon.

BILANG PATUNAY ay nilagdaan ko ang salaysay na ito ngayong 04 SEP 2014 sa _____.

Maquiban
VALERIE LAQUILAN
Lagda